APLIKASYON PARA SA PINABABANG SINGIL SA ALKANTARILYA (SEWER)

Lungsod ng Chula Vista | Departamento ng Pananalapi
276 Fourth Avenue
Chula Vista, CA 91910
(619) 691-5117 | cvsewer@chulavistaca.gov

Mangyaring kumpletuhin ang harap at likod na mga pahina ng form na ito AT magsumite ng sumusuportang dokumentasyon. Ang panahon ng aplikasyon ay mula **Lunes, Abril 13, 2026 nang 8:00 am hanggang Biyernes, Mayo 15, 2026 nang 12:00 pm.** Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa aplikasyon na ito, mangyaring tumawag sa (619) 691-5117 para sa tulong.

1. Pangalan ng May-ari ng Account**:** _____
   Apelyido Pangalan MI
2. Address ng Account: _____
   Kalye Lungsod Estado Zip Code
3. Telepono: _____ Email: _____ Piling Paraan ng Pagkontak: Telepono ☐ Email ☐
4. Mga Singil sa Alkantarilya sa Pamamagitan ng: Water District ng Otay ☐ Lungsod ng Chula Vista ☐ Mga Buwis sa Ari-arian ☐
5. Numero ng Account: _____
   Halimbawa: Water District ng Otay (123-4567-89); Lungsod ng Chula Vista (123456-000). Kung sinisingil sa pamamagitan ng mga buwis sa ari-arian, ilagay ang Assessor's Parcel Number (APN) na maaaring matagpuan sa iyong taunang bayarin sa buwis sa ari-arian.
6. Laki ng Sambahayan: ____ Bilang ng Matatanda (18+): ____ Bilang ng Menor na Edad (17 and under): ____
7. Taunang Kabuuang Kita ng Sambahayan: $ _____

ANG IYONG APLIKASYON AY HINDI IPOPROSESO NANG WALA ANG (MGA) SUMUSUNOD NA BAGAY:

1. Isang nakumpleto, nilagdaan, at napetsahan na Aplikasyon para sa Pinababang Singil sa Alkantarilya.
2. Katibayan ng kita para sa **bawat miyembro ng sambahayan na nasa hustong gulang**; ang mga katanggap-tanggap na dokumento ay ang mga sumusunod:
   - Kopya ng 2025 IRS Form(s) 1040. Dapat mong ibigay ang una at pangalawang pahina.
   - Kung hindi nai-file ang mga buwis sa 2025, magbigay ng mga kopya ng lahat ng 2025 Form(s) W-2 at/o Form(s) 1099.
   - Kung hindi natanggap ang isang 2025 W-2 o 1099, magbigay ng kopya ng (mga) huling paystub na natanggap noong 2025.
   - Kung nakatanggap ng Social Security Benefits, magbigay ng kopya ng 2025 na Pahayag ng mga Benepisyo. Kung natanggap ito sa pamamagitan ng direct deposit, magbigay ng kopya ng 2025 bank statement na nagpapakita ng mga benepisyo

- Kung walang natanggap na kita noong 2025, magbigay ng Transcript of Tax Return mula sa IRS. Ang form na ito ay maaaring hilingin online sa https://www.irs.gov/individuals/get-transcript o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 908-9946.

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa aplikasyon na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Pagsingil sa Alkantarilya (Sewer Billing Division) sa (619) 691-5117 para sa tulong.

Ang mga delinquent na account ay hindi ituturing na kwalipikado. Ang mga aplikasyon, kabilang ang lahat ng kinakailangang dokumentasyon, ay maaaring isumite sa pamamagitan ng koreo, email, online, o personal. Ang aplikasyon na ito ay makukuha sa Espanyol o Tagalog sa aming website at sa Kagawaran ng Pananalapi ng Lungsod ng Chula Vista. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga alituntunin ng aplikasyon para sa programang ito, mangyaring tingnan ang Chula Vista Municipal Code Section 13.14.120 o Chula Vista Finance Department Utility Billing Policy 900-06 online.

SERTIPIKASYON

Ako, ang lumagda sa ibaba, ay nagpapahayag sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling, na ako ay awtorisado na gawin ang pahayag na ito at nasa abot ng aking kaalaman at paniniwala ang mga pahayag dito, at anumang mga nakalakip dito, ay totoo at tama. Nauunawaan ko na ang impormasyong ito ay gagamitin upang matukoy kung ako ay kwalipikado para sa pinababang singil sa serbisyo ng alkantarilya. Alam ko na may karapatan ang Lungsod na i-verify ang kabuuang taunang kita o anumang iba pang bagay sa aplikasyon na ito.

Kung anuman sa mga katotohanan at kundisyon na nakasaad dito ay magbabago hanggang sa mawawala na ang karapatan sa pinababang singil sa serbisyo ng alkantarilya, kinikilala ko ang aking responsibilidad na abisuhan ang Lungsod at hindi na magkakabisa ang pinababang halaga.

_____
Pangalan (*Paki-Print*)

_____ _____
Pirma/Lagda Petsa

Mag-apply Online:

www.chulavistaca.gov/sewer

I-email ang mga aplikasyon sa:

cvsewer@chulavistaca.gov

Mga aplikasyon sa pamamagitan ng koreo o personal:

Lungsod ng Chula Vista
Departamento ng Pananalapi
276 Fourth Avenue
Chula Vista, CA 91910